**I. Layunin**

Nakapagbibigay ng angkop na pamagat sa tekstong napakinggan.

**II. A. Paksang Aralin**
Angkop na Pamagat

B. Sanggunian
Hiyas sa Wika at Pagbasa 5.
F5PN-Ih-17

C. Mga Kagamitan
Sipi ng kuwento

**III. Pamamaraan**

1. Pagsasanay
Lumikha ng maikling talataan gamit ang mga sumusunod na paksa.

2. . Balik-aral
Panuto: Ibigay sa sariling pangungusap ang paksa ng bawat kuwento.

3. Mga Gawain

A. Pagganyak
Itanong: Malihig ba kayo makinig ng mga nobela sa radyo? Natatandaan ninyo ba ang mga pamagat ng mga nobela na napakinggan ninyo? Magbigay nga kayo ng halimbawa. Isagawa ang Tuklasin mo.

B. Paglalahad
Iparinig o basahin sa kanila ang isang maikling kwento.

C. Pagtatalakay
1. Ano ang angkop na pamagat sa isang maikling tekstong inyong narinig?
2. Ano ang nakapaloob sa pamagat ng teksto?

D. Pagpapayamang Gawain

Panuto: Makinig ng mabuti sa isang kwento/teksto. Isulat ang titik ng angkop na pamagat sa kwento/tekstong narinig.

E. Paglalahat

Dapat tandaan na mahalaga ang pamagat sa anumang uri ng katha. Dito napapaloob ang diwang ipinahihiwatig o kaisipang ipinahahayag ng babasahin.

F. Paglalapat

Panuto: Ibigay ang angkop na pamagat ng sumusunod. Piliin ang titik ng tamang sagot.

**IV. Pagtataya**

Panuto: Narito ang mga piling sulyap sa buhay ng ilan sa ating mga bayani. Isulat sa patlang ang angkop na pamagat ng bawat isa.

**V. Takdang Aralin**

Panuto: Magsulat ng isang balitang maririnig sa radio at bigyan ito ng angkop na pamagat.

**I. Layunin**

Nakapagbibigay ng Panuto.

**II. A. Paksang Aralin**

Panuto/Direksyon

B. Sanggunian
Hiyas sa Wika at Pagbasa 5
F5PS-Ih-8

C. Mga Kagamitan
Kwaderno,

**III. Pamamaraan**

1. Pagsasanay

Talasalitaan o Pagbabaybay

2. Balik-aral

Ibigay ang mga magagalang na pananalita sa pagsasabi ng hinaing..


3. Mga Gawain

A. Pagganyak

Itanong: Sa Inyong bahay, sinusunod nyo ba ang mga sinasabi ng inyong mga nanay at tatay? Sa paaralan, sinusunod nyo ba ang mga panuto sa tuwing may pagsusulit na ibinibigay ang guro? Ipasagot ang Tuklasin Mo.

B. Paglalahad

Kumuha ng isang buong papel, pakinggan at gawin ang panuto na sasabihin ng guro.



C. Pagtatalakay

1. Mahirap ba gawin o sundin ang mga panuto?
2. Bakit mahalaga na sundin ng tama ang bawat panuto?

D. Pagpapayamang Gawain

Panuto: Sa isang buong papel, iguhit ang direksyon magmula sa inyong tahanan patungo sa ating paaralan. Gamitin ang wastong pamamaraan sa pagbibigay ng panuto.

E. Paglalahat

Ano ang panuto? Bakit mahalaga na sumunod sa panuto? Ilan uri ang panuto?

Ang Panuto ay tagubilin sa pagsasagawa ng inuutos na Gawain. Ang panuto ay maaaring pabigkas o nakasulat ang mga panuto. Mahalaga na marunong magbigay ng panuto upang makatulong sa maayos, mabilis, at wastong pagsasagawa ng Gawain.

F. Paglalapat

Ibigay ang mga panuto sa tamang paglalaba ng damit.

**IV. Pagtataya**

Panuto: Pumili ng isang laro, isulat at ibigay ang mga tamang panuto sa paglalaro nito.

**V. Takdang Aralin**

Isulat ang mga tamang panuto sa pagsasain ng bigas.

**I. Layunin:**

Nagagamit ang iba't-ibang uri ng panghalip sa usapan at pagsasabi tungkol sa sariling karanasan.

**II. A. Paksang Aralin:**

Panghalip na Pananong

B. Sanggunian:

Pag-unlad sa Wika at Pagbasa 5. Pahina 59-64. Hiyas sa Wika 5 pp. 61-64.
F5WG-If-j-3

C. Mga Kagamitan:
Usapan/dayalogo

**III. Pamamaraan**

1. Pagsasanay

Panuto: Bilugan ang panauhan at kailanan ng panghalip na may salunnguhit.

2. . Balik-aral

Ano ang Panghalip na Panao? Ibigay an gang mga iba't-ibang uri ng panao? Magbigay ng ilang ng pangungusap na ginagamitan ng panghalip na panao.

3. Mga Gawain

A. Pagganyak
Sabihin: Naranasan mo na bang hindi maintindihan ng ibang Tagalog ang salita? Paano mo sila kinausap ng una? Ikwento ang iyong karanasan. Gawin ang Tuklasin Mo.

B. Paglalahad
Pagsasadula ng isang usapan.

C. Pagtatalakay

1. Ano ang kanilang takdang aralin?
2. Sino si Lope K. Santos?
3. Ano ang Surian ng Wikang Pambansa?
4. Anong masasabi mo kay Lope K. Santos? Kaya mo ba siyang tularan? Paano?

D. Pagpapayamang Gawain

Panuto: Punan ng mga wastong Panghalip na Pananong ang isang usapan/ dayalog. Isagawa ang Pagyamanin Mo.

E. Paglalahat

Ang Panghalip na Pananong ay ang mga salitang ginagamit sa pagtatanong.

Ano ang mga halimbawa ng panghalip na pananong?

-Ano, Anu-ano, sino, sino-sino, nino, alin, alin-alin, kanino at nino..

F. Paglalapat

Panuto: Bilugan ang angkop na Panghalip na Pananong. Isagawa ang Isapuso Mo.

**IV. Pagtataya**

Panuto: Gumawa ng isang maikling usapan na ginagamitan ng iba't-ibang halimbawa ng Panghalip na Pananong. Gawin ang Isulat Mo.

**V. Takdang Aralin**

Panuto: Isulat sa patlang ang panghalip na pananong na bubuo sa pangungusap na patanong.

**I. Layunin**

Naibibigay ang kahulugan ng salitang pamilyar at di-pamilyar sa pamamagitan ng kasalungat.

**II. A. Paksang Aralin**

Mga Salitang Magkasalungat

B. Sanggunian:

MISOSA Self Instructional Materials, Hiyas sa Wika 5
F5PT-Ih-i-1.5

C. Mga Kagamitan

Sipi ng Kuwento

**III. Pamamaraan**

1. Pagsasanay

Panuto: Bilugan ang mga salitang pamilyar sa iyo at ibigay ang kahulugan nito.

2. . Balik- aral

Magbigay ng mga halimbawa ng salitang pamilyar at di-pamilyar.

3. Mga Gawain

A. Pagganyak

Tanong: Nagdadasal ka ba? Tuwing kailan?
Naniniwala ka ba sa kanya? Patunayan.
Naniniwala ka bang sinasagot niya an gating mga panalangin? Bakit?
Gawin ang Tuklasin Mo.

B. Paglalahad

Basahin ang isang kwentong bayan.
"Ang Pangako ni Isko"

C. Pagtatalakay

1. Sino ang nagkasakit?
2. Anong solusyon ang naisip ni Mang Isko/
3. Ano ang masasabi mong katangian?
4. Magkano niya ipinagbili ang kalabaw? Bakit mura?
5. Makatuwiran bas a bumili ang ginawa niya? Pangatuwiranan?

D. Pagpapayamang Gawain

Panuto: Hanapin mula sa mga salita sa ibaba ang maaaring kahulugan ng mga sumusunod at ibigay din ang kasalungat nito. Gawin ang Pagyamanin Mo.

E. Paglalahat

Isang mabisang paraan ng pagpapalawak ng mga salita ang pagtukoy sa kahulugan/ kasalungat ng mga ito.

F. Paglalapat

Panuto: Isulat ang kasingkahulugan at kasalungat ng bawat salita. Punan ang tsart. Isagawa ang Isapuso Mo.

**IV. Pagtataya**

Panuto: Isulat sa patlang ang kahulugan at kasalungat ng mga salitang pamilyar at di-pamilyar. Gawin ang Isulat Mo.

**V. Takdang Aralin**

Gumawa ng limang (5) pares ng mga salitang magkasingkahulugan at magkasalungat. Gamitin sa pangungusap ang bawat pares.

**I. Layunin**

Naibibigay ang mahahalagang pangyayari sa nabasang talaarawan/ talambuhay.

**II. A. Paksang Aralin**

Talaarawan / Talambuhay

B. Sanggunian

Hiyas sa Wika at Pagbasa 5. Pagpapaulad sa Filipino 5,
F5PB-If-h-11

C. Mga Kagamitan

Halimabawa ng Talaarawan / Talambuhay

**III. Pamamaraan**

1. Pagsasanay

Ibigay ang angkop na pamagat ng isang maikling talata.

2. . Balik-aral

Ano nga ang talata? Magbigay nga ng isang pamagat ng talata? Paano ang pagbibigay ng angkop na pamagat ng talata?

3. Mga Gawain

A. Pagganyak

Itanong: Ano ang talaarawan / talambuhay? Mayroon ka bang talaarawan? Nakabasa ka na ba ng isang talaarawan ng isang bayani o pangkariniwang tao? Ano sa tingin mo ang pinamahalagang pangyayari sa nabasa mo? Gawin ang Tuklasin Mo.

B. Paglalahad

Ipabasa ang isang talaarawan/talambuhay.

C. Pagtatalakay

1. Kanino ang talaarawan/ talambuhay na nabasa mo?
2. Ano sa tingin mo ang pinakahalagang pangyayari na nabasa mong talaarawan/talambuhay?

D. Pagpapayamang Gawain

Panuto: Basahin mabuti ang isang talaarawan/talambuhay. Ibigay ang mahahalagang pangyayaring nakapaloob dito. Gawin ang Pagyamanin Mo.

E. Paglalahat

Mahalagang maibigay ang mahalagang pangyayari sa nabasang talaarawan/talambuhay upang mas

F. Paglalapat

Panuto: Basahin ng mabuti ang talaarawan/talambuhay at ibigay ang mahahalagang pangyayari. Isagawa ang Isapuso Mo.

**IV. Pagtataya**

Panuto: Magbasa ng talaarawan/talambuhay ng isang bayani ng ating bansa. Ibigay at isulat ang mahahalagang pangyayari. Gawin ang Isulat Mo.

**V. Takdang Aralin**

Gumawa ng sariling talaarawan/talambuhay. Isulat at Ibigay ang mahahalagang pangyayari.

**I. Layunin**

Nakasusulat ng balangkas sa anyong pangungusap o paksa sa binasang teksto.

**II. A. Paksang Aralin**

Pagbabalangkas/ Uri ng Balangkas

B. Sanggunian

Hiyas sa Wika at Pagbasa 5, Gintong Pamana 5
F5EP-Ih-11

C. Mga Kagamitan

Teksto

**III. Pamamaraan**

1. Pagsasanay

Pagbasa ng isang maikling talata.

2. . Balik-aral

Bigyan ng Kahulugan ang Mapa sa ibaba.

3. Mga Gawain

A. Pagganyak

Pair share- Pagbabahagi ng karanasan sa katabi ng mga hindi mo malilimutan na pangyayari. Isagawa ang Tuklasin Mo.

B. Paglalahad

Pangkatang Gawain: Bigyan ng activity card ang bawat pangkat na naglalaman ng katanungan ng kanilang bibigyan ng kasagutan pagkatapos basahin ang teksto.

C. Pagtatalakay

Pag-uulat ng bawat pangkat.

Malayang talakayan

D. Pagpapayamang Gawain

Panuto: Ibigay ang balangkas o paksa ng maikling teksto. Gawin ang Pagyamanin Mo.

E. Paglalahat

Ano ang pagbabalangkas? Paano ang pagsulat ng isang balangkas sa anyong pangungusap o tekstong binasa? Ano ang mga uri ng balangkas? Ang pagbabalangkas ay maayos na pagtatala ng mga pangunahing kaisipan o paksa ayon sa pagkakasunod-sunod sa isang katha, teksto, o seleksyon. May dalawang uri ng balangkas: Papaksa- isinusulat ito sa anyong parirala. Pangungusap- isinusulat sa buong pangungusap.

F. Paglalapat

Panuto: Humanap ng isang teksto na kapupulutan ng magandang aral. Isulat ang balangkas na nakapaloob dito. Gawin ang Isapuso Mo.

**IV. Pagtataya**

Panuto: Basahin mabuti ang teksto. Isulat sa kwaderno ang balangkas nito sa papaksa o pangungusap. Isagawa ang Isulat Mo.

**V. Takdang Aralin.**

Humanap sa mga libro ng isang teksto. Magbigay ng tig dalawang balangkas na papaksa at pangungusap mula sa binasang teksto.